# Binabago ng Lungsod ng Brampton ang mga ordinansa sa ingay upang mapanatili ang kabutihan ng komunidad

BRAMPTON, ON (Oktubre 4, 2023) – Nagbabase sa commitment nito sa pagtiyak na ang Brampton ay nananatiling isang nakakalusog at ligtas na komunidad, ang Public Nuisance By-law 136-2018 ay inamyendahan upang ipagbawal ang labis na ingay, mga emission, mga modipikasyon at pagsubok sa emission control system.

Kabilang sa mga amendasyon sa Public Nuisance By-law 136-2018 ang:

- Ang mga muffler o ibang mga device, na naglalabas ng malakas, biglaang malakas o hindi makatwirang mga ingay ay hindi pinapayagang mainstala, kabilang ang mga binagong muffler o mga exhaust system.

- Ang mga power device, tulad ng mga lawnmower, grass trimmer, drill, sander, grinder o katulad na mga device ay hindi pinapayagang gamitin sa labas ng bahay/gusali sa loob ng Residensyal na mga Lugar sa pagitan ng mga oras na 9 pm at 7 am, maliban hanggang 9 am sa mga Sabado, Linggo at mga Statutory Holiday.

- Ang pagkumpuni, rebuilding, pagbago o pagsubok sa labas ng bahay/gusali ng anumang De Makinang Sasakyan, motorboat, outboard motor o panlibangang sasakyan ay hindi pinapayagan sa loob ng Residensyal na Lugar sa pagitan ng mga oras na 9 pm at 7 am, maliban sa hanggang 9 am sa mga Sabado, Linggo at Statutory Holidays.

Ang kawani ng Enforcement and By-law Services ng Lungsod ng Brampton ay patuloy na magpapatupad sa ordinansang ito, habang ipagpapatuloy ng Peel Regional Police at Ontario Provincial Police ang kanilang responsibilidad na imbestigahan ang gumagalaw, inihinto, o nakatambay na mga behikulo sa mga pampublikong daan (City o Regional road) na pinangangasiwaan ng *Highway Traffic Act*.

Ang mga residente, bisita at negosyo ay hinihikayat na repasuhin ang inamyendahang ordinansa at makipag-ugnayan sa Service Brampton sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamit ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play), pagbisita sa www.311brampton.ca o pag-email sa 311@brampton.ca para sa mga tanong.

**Mga Link**

Upang repasuhin ang inamyendahang ordinansa, pakibista ang: Public Nuisance By-law 136-2018 (consolidated version) (brampton.ca).

Upang malaman ang iba pa tungkol sa Project Noisemaker, pakibisita ang: Peel Regional Police (peelpolice.ca).

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca